Mga Taong Tapat

Balangkas · Kevin Engle · Christian Brethren Assembly, Navy Base, Baguio City · Nobyembre 1, 2026 · Mga talata: Ang Dating Biblia

> **TEKSTO**
> 2 Timoteo 2:2: "…ay siya mong ipagkatiwala sa mga taong tapat, na mangagiging may kakayahang magturo naman sa iba."

> **TEMA**
> Naaabot ng ebanghelyo ang bawat henerasyon sa pamamagitan ng mga tapat na lalaki at babae na nagpapasa ng kanilang narinig, at tinatawag tayo ng Diyos na gawin din ito sa bawat paraang ibinibigay Niya.

Panimula: Umuwi ang Isang Anak

- Ipinanganak sa San Juan, Rizal; bumalik sa Navy Base sa unang pagkakataon mula 1993
- Nagsimula ang simbahan noong 1968 sa tahanan ng mga Engle, 55 Malvar Street, Aurora Hill

I. Tinanggap ang Ebanghelyo: Isang Tapat na Tinig

- Isang batang taga-Abilene, Kansas, ang nakarinig ng ebanghelyo sa radyong nakakabit sa baterya ng kotse, at naligtas sa edad na siyam
- Moody Bible Institute: pasanin para sa China
- 1944: isang tail gunner ng B-24 ang nanalangin sa ibabaw ng Corregidor para sa isang simbahan sa Pilipinas
- 1951: bumalik bilang misyonero, nais makitang lumipat ang mga tao mula sa kamatayan tungo sa buhay Juan 5:24

II. Naunawaan ang Ebanghelyo: Ang Kuwento ni Evelyn

- Isang correspondence course, *What the Bible Teaches*: perpektong iskor, pero hindi pa ligtas
- Ang kaalaman ay hindi kaligtasan; isang krisis ang nagpakita sa kaniya na siya ay naliligaw
- Naligtas sa inakala niyang huling higaan; pagkatapos ay sumampalataya si Fred

III. Ipinasa ang Ebanghelyo: Ang Sala sa Malvar Street

- Mga kaibigan mula sa PMA, Baguio Tech at pamahalaan ang dumating para mag-aral ng Biblia
- Napuno ang sala; isinilang ang isang simbahan
- Ang kadena: mangangaral sa radyo → Ken Engle → ang mga Balanag → ang kanilang mga kaibigan → ang simbahan ngayon 2 Timoteo 2:2

IV. Natatangi ang Ebanghelyo: "May Diyos Ako"

- Isang usapan sa eroplano: "ang Diyos ko at ang Diyos mo"
- Diyos na may malaking D laban sa mga diyos na may maliit na d; hindi makapagliligtas ang mga diyus-diyosan
- Ang tunay na Diyos lamang ang nagsugo sa Kaniyang Anak para mamatay para sa atin
- Ang nakataya magpakailanman: ayaw nating may sinumang pumasok sa walang hanggan nang wala si Cristo

V. Ipinagkatiwala sa Iyo ang Ebanghelyo: Kayo Na Ngayon

- Karamihan sa unang henerasyon ay nasa langit na; alam natin kung nasaan sila
- Ang mga kabataan dito ang magdadala ng ebanghelyo sa susunod na henerasyon
- Limitado ang ating panahon, pero ang ebanghelyo ay regalong dapat nating pagkatiwalaan nang tapat

VI. Bagong Kasangkapan para sa Lumang Mensahe: Ang Messenger

- Isang ministeryo sa website sa Ingles, Tagalog at Ilocano (parating ang Cebuano)
- Ang Messenger audio Bible mula sa In Touch Ministries: Biblia sa Ingles at Tagalog, 60 mensahe ng ebanghelyo, ilaw, solar charging, AM radio
- Pinaghihirapan, hindi basta ipinamimigay: isaulo ang 60 talata o tapusin ang correspondence course
- Mithiin: sampu, pagkatapos isandaan, pagkatapos isang libo, hanggang isang milyon; $39 bawat isa
- Ang pakiusap: manalangin, at tumulong

Pangwakas: Lubhang Sagana

- Higit pa ang ginawa ng Diyos kaysa sa hiniling ng isang batang sundalo Efeso 3:20–21
- Tatapusin Niya ang Kaniyang sinimulan, sa simbahang ito at sa iyo Filipos 1:6
- Ang ating bahagi: maging tapat, at ipasa ito

Pangwakas na Panalangin

- Para sa Messenger program, sa mga simbahan, at sa pagsaksi ng Christian Brethren Assembly sa Baguio City, Benguet at Mountain Province